



ABISO SA PRIVACY NG EMPLEYADO

Huling Na-update: Mayo 7, 2025

Inilalarawan ng Abiso sa Privacy na ito kung paano kinokolekta, pinoproceso, inililipat, ibinabahagi, at pinapanatili ng RTX Korporasyon at ang mga sangay, yunit, at dibisyon ng negosyo nito, at lahat ng iba pang nagpapatakbong entidad saanman matatagpuan – kabilang ang mga kontroladong joint venture, partnership, at iba pang kaayusan sa negosyo kung saan may kontroladong interes o mabisang kontrol sa pamamahala ang RTX (kapag pinagsama, “RTX” o “kami”) – ang Personal na Impormasyon ng mga empleyado. Nakatuon ang RTX sa pag-secure at pagprotekta sa Personal na Impormasyon ng empleyado. Binibigyang-kahulugan ang katawagang "Personal na Impormasyon" sa [Pangkalahatang Patakaran ng Korporasyon - Seksyon 24](#).

Maaaring baguhin ang Abiso na ito paminsan-minsan kung kinakailangan para ipakita ang anumang pagbabago sa mga kasanayan at patakaran ng RTX. Ibibigay ang abiso tungkol sa mga nasabing pagbabago sa pamamagitan ng pag-post sa <https://home.rtx.com/Data%20Privacy>. Maaaring humiling ng kopya ng abisong ito ang mga empleyadong walang access sa site mula sa kanilang kinatawan ng Human Resources (“HR”) at sisikapin ng RTX na alertuhan ang mga empleyado kapag gumawa kami ng mga pagbabago sa Abiso na ito. Nilayon ang Abiso na ito para masaklaw ang mga empleyado ng RTX sa buong mundo, kaya maaaring hindi naaangkop sa iyo ang ilan sa mga kasanayang inilalarawan sa Abiso na ito. Maaaring dagdagan ang Abiso ng isang lokal na abiso kung kinakailangan ng batas o para ipakita ang mga lokal o panrehiyong kasanayan.

Anong Personal na Impormasyon ang maaaring kolektahin ng RTX mula sa mga empleyado?

Maaaring direkta o hindi direktang kunin ng RTX ang iyong Personal na Impormasyon mula sa iyo, tulad ng mula sa mga naunang employer, ahensiya sa pag-recruit, mapagkukunan ng pampublikong rekord, at iba pang third party. Napapailalim ang Personal na Impormasyon na kinokolekta ng RTX sa lokal na legal at mga kinakailangan sa kasunduan ng kinatawan ng empleyado.

Dahil para sa lahat ng RTX ang listahan sa ibaba, maaaring may mga elemento ng data na kasama rito na hindi naaangkop sa iyong partikular na sitwasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong kinatawan ng HR kung mayroon kang anumang tanong.

- Pangalan, kabilang ang una, apelyido, gitna, at anumang hulapi (tulad ng Junior o Senior)
- Mga numero ng pagkakakilanlan (buo o bahagya), gaya ng numero ng pagkakakilanlan ng empleyado, numero ng pagkakakilanlan ng buwis, numero ng social security/insurance, o iba pang numero ng pagkakakilanlan o card na ibinigay ng pamahalaan, gaya ng card ng pambansang pagkakakilanlan, lisensiya sa pagmamaneho, visa, pasaporte, o iba pang dokumentong ibinigay ng pamahalaan
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa trabaho, kabilang ang mga numero ng telepono, numero ng facsimile, email address, numero ng pager, mailing address, nakatalagang lugar ng trabaho, at lokasyon ng trabaho
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa bahay, kabilang ang address ng tahanan, mga numero ng telepono ng tahanan, mga personal na numero ng mobile phone, at mga personal na email address
- Pangunahing pangkilalang impormasyon, tulad ng petsa ng kapanganakan at kasarian
- Impormasyon na maaari mong boluntaryong ibigay tungkol sa iyong sarili, tulad ng pagkakakilanlan ng gender, sekswal na oryentasyon, katayuan sa pagiging beterano, at impormasyon sa kapansanan
- Karanasan sa trabaho, edukasyon at kasaysayan ng trabaho, mga kasanayan sa wika, iba pang kategorya ng kasanayan, mga lisensiya, sertipikasyon, parangal, pagiging miyembro at paglahok sa mga samahan sa pangangalakal o organisasyon ng propesyonal, at mga pahintulot na magsagawa ng isang partikular na trabaho
- Impormasyon tungkol sa iyong trabaho, kabilang ang titulo ng trabaho, departamento, tungkulin sa trabaho, uri ng trabaho, uri ng tungkulin (onsite, hybrid, o remote), klasipikasyon/grado ng trabaho, kontrata sa pagtatrabaho at cost center
- Impormasyon tungkol sa iyong employer, kabilang ang pangalan ng kompanya, lokasyon ng kompanya, at bansa kung saan nagnenegosyo
- Impormasyon sa tsart ng organisasyon, gaya ng pagkakakilanlan ng iyong superbisor, assistant, at/o mga direktang nag-uulat sa iyo

- Impormasyong kinakailangan para sa mga badge, tulad ng isang litrato at iyong pahintulot na ma-access ang ilang partikular na lokasyon
- Impormasyon sa kompensasyon at mga benepisyo, kabilang ang data ng pagkakakilanlan para sa iyong mga benepisyaryo at dependent (tulad ng pangalan, petsa ng kapanganakan, gender, mga numero ng pagkakakilanlan ng pamahalaan, address, at iba pang data na maaaring kailanganin) at impormasyong nauugnay sa mga partikular na programa ng benepisyo
- Impormasyon sa pagsasanay, patuloy na edukasyon, pag-unlad, at pagsusuri ng performance
- Impormasyon sa pagpapalano ng paghalili
- Ang impormasyon sa at mga log ng computer, network, at mga komunikasyon ng RTX na sumasaklaw sa paggamit ng mga telepono, computer, elektronikong komunikasyon (tulad ng email at elektronikong kalendaryo) ng kompanya, at iba pang teknolohiya ng impormasyon at komunikasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkakakilanlan ng username/login, mga password, mga sagot sa mga tanong sa seguridad, at iba pang impormasyong kinakailangan para ma-access ang mga application, network, sistema, at serbisyo ng RTX pati na rin ang impormasyong sino-store, ipinapadala, isinumite, o natatanggap mo sa pamamagitan ng mga network at sistema ng RTX
- Impormasyon sa pangongolekta at paglalaan ng oras
- Mga trabahong nakaatas at produkto ng trabaho na maaaring may koneksyon sa iyo, tulad ng, ngunit hindi limitado sa, mga dokumento at file na tinukoy ka bilang may-akda at mga gawaing naitalaga sa iyo
- Impormasyon ng bisita, kabilang ang oras, petsa, at lokasyon ng mga pagbisita, impormasyon tungkol sa isang sasakyan para sa mga layunin ng pagpaparada, at impormasyong kinakailangan para mapanatili ang mga log at pagsusuri ng bisita
- Impormasyon sa pagpaparehistro ng kaganapan, tulad ng iyong pagnanais na dumalo sa isang kaganapan, mga kagustuhan sa pagkain, at kaayusan sa paglalakbay
- Impormasyon tungkol sa iyong mga kagustuhan sa trabaho, tulad ng mga kagustuhan sa paglalakbay at lokasyon
- Impormasyong boluntaryo mong isinama sa isang profile sa mga elektronikong sistema, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, palayaw, litrato, at mga interes
- Pang-emergency na impormasyon sa pakikipag-ugnayan, na maaaring may kasamang impormasyon tungkol sa mga hindi empleyado, tulad ng mga miyembro ng pamilya o kaibigan na pinili mong tukuyin bilang iyong pang-emergency na contact
- Iba pang data na kinakailangan para suportahan ang mga aplikasyon sa human resources, payroll, paglalakbay at pangangasiwa ng gastos, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, impormasyon ng account sa bangko at credit card

Depende sa mga lokal na kinakailangan at batas, maaari ding kolektahin ng RTX ang:

- Impormasyon sa pasaporte, lugar ng kapanganakan, mga pagkamamamayang hinahawakan (nakaraan at kasalukuyan), at katayuan sa paninirahan
- Impormasyon sa mga kinakailangang screening para sa on-boarding, gaya ng mga pagsusuri sa pandinig, medikal na eksaminasyon, pagsusuri para sa droga, at/o impormasyon sa pagsusuri ng background
- Impormasyon tungkol sa kalusugan at mga pinsala, tulad ng kapansanan, pagliban dahil sa pagkakasakit, pagliban dahil sa panganganak, at iba pang impormasyon na maaaring kailanganin para pangasiwaan ang human resources at mga kinakailangan sa kapaligiran, kalusugan, at kaligtasan
- Impormasyon sa serbisyo sa militar
- Mga larawan, audio, at video, o biometric na impormasyon (hal., fingerprint, iris scan, o pagkilala ng boses)
- Impormasyon ng lokasyon, gaya ng para sa mga application at device na nangangailangan ng data ng global positioning (tinatawag ding pagsubaybay sa lokasyon)
- Impormasyong maaaring kailanganin para sa clearance sa seguridad o mga regulasyon sa pagsunod sa internasyonal na kalakalan para payagan ang iyong pag-access sa ilang partikular na teknolohiya o iba pang impormasyong nauugnay sa iyong trabaho, kabilang ang kasaysayan ng paglalakbay, personal at/o propesyonal na mga contact, at iba pang impormasyon na maaaring hilingin para sa mahahalagang pagsusuri ng mga contact
- Impormasyon tungkol sa katayuan at mga miyembro ng pamilya, tulad ng katayuan sa kasal, pangalan ng iyong mga magulang, pangalan sa pagkadalaga, at impormasyon tungkol sa iyong mga dependent
- Iba pang impormasyon, sa lawak na iniaatas ng lokal na batas, gaya ng lahi, relihiyon, o partidong pampolitika o pagkakaugnay sa unyon ng manggagawa/paggawa

Sa mga bansang nagpapataw ng mga espesyal na proteksyon sa Sensitibong Personal na Impormasyon (tinukoy [sa Pangkalahatang Patakaran ng Korporasyon - Seksyon 24](#), Exhibit A), ang RTX ay mangongolekta, magpoproseso, o maglilipat lang ng iyong Sensitibong Personal na Impormasyon ayon sa kinakailangan ng batas o, sa mga pagkakataon kung saan opsyonal ang pagbibigay ng data, nang may hayagang pahintulot mo.

Para sa anong mga layunin maaaring gamitin ng RTX ang iyong Personal na Impormasyon?

- Pamamahala ng iyong trabaho, kabilang ang:
 - Kompensasyon at mga benepisyo, kabilang ang pagtatatag at pangangasiwa ng mga plano ng benepisyo
 - Pangangasiwa ng payroll, tulad ng mga pagbabawas at kontribusyon

- Pag-unlad ng career, feedback sa performance, at pag-unlad
- Mga gantimpala at pagkilala
- Pagkolekta at paglalaan ng oras
- Reimbursement sa paglalakbay at gastos, kabilang ang pangangasiwa ng paglalakbay at/o credit card
- Pagsasanay
- Mga relokasyon, liham ng pagtatalaga, suporta para sa mga expatriate na empleyado, visa, lisensiya, at iba pang awtorisasyon sa karapatang magtrabaho
- Pag-uulat at pag-withhold ng buwis
- Pagpapanatili ng mga talambuhay, curriculum vitae, at katulad na impormasyon ng empleyado at opisyal
- Mga sistema ng email at tsart ng organisasyon
- Pagpaplano sa pagkuha ng tauhan at paghalili
- Pagsasagawa ng mga regular na pagpapatakbo ng negosyo, kabilang ang, nang walang limitasyon:
 - pakikibahagi sa pananaliksik
 - pagdidisenyo at pagbuo ng mga produkto, serbisyo, at teknolohiya
 - pagsusuri ng mga gastos at bayarin, kabilang ang, nang walang limitasyon, sahod at data sa paglalakbay at gastos
 - pagbabahagi ng impormasyon sa mga customer at partner sa negosyo (ang impormasyong ibinahagi sa mga customer at partner sa negosyo ay limitado sa data na kinakailangan para sa mga layunin ng trabaho, tulad ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa negosyo)
- Pagtugon sa mga sitwasyong nauugnay sa panganib sa kalusugan o kaligtasan, kabilang ang emergency
- Pamamahala ng mga komunikasyon at abiso sa mga empleyado
- Pagsasagawa ng mga survey sa pakikipag-ugnayan ng empleyado at kampanya sa kawanggawa
- Pamamahala ng mga kaugnayan sa paggawa at empleyado, kabilang ang mga paglilitis hinggil sa karaingan
- Pagpaplano at pagbibigay ng mga programa at serbisyong pangkalusugan at pangkaligtasan, kabilang ang pagsusuri para sa droga, pagproseso ng kompensasyon ng mga manggagawa, at mga katulad na programang pangkalusugan at pangkaligtasan
- Pag-uulat at pang-estatistikang pagsusuri, kabilang ang:

- global enterprise headcount
- demograpiko at pag-uulat na iniaatas ng naaangkop na batas, tulad ng pagsusuri ng karapatan sa pagtatrabaho, kapaligiran sa lugar ng trabaho, pag-uulat sa kalusugan at kaligtasan, at pangangasiwa
- Pamamahala ng pisikal na seguridad, kabilang ang:
 - Mga kontrol sa pag-access at seguridad
 - Access at kaligtasan sa pasilidad
 - Paghahanda sa sakuna
- Pamamahala at pag-secure ng mga sistema ng digital na teknolohiya, gaya ng mga network ng computer, email, pag-access sa internet, sistema ng enterprise resource planning (“ERP”), at mga proseso ng trabaho, kabilang ang:
 - Mga kontrol sa pag-access at seguridad para sa computer at iba pang sistema
 - Internet, intranet, email, social media, at iba pang access sa elektronikong sistema
 - Virus, pagpasok, at pag-scan at pag-aanalisa ng pagbabanta ng nasa loob
 - Paglikha at pag-aanalisa ng mga log para sa mga layunin ng seguridad at helpdesk
 - Pagbibigay sa helpdesk ng suporta at mga aktibidad sa pagpapanatili ng sistema
 - Pagba-back up at pagbawi ng data at pagbibigay ng mga serbisyo ng pagbangon mula sa kalamidad
- Pangangasiwa sa pagsubaybay sa lokasyon, tagal, at iba pang telematics ng ilang partikular na asset ng RTX at para sa ilang partikular na aplikasyon para sa pamamahala ng mga serbisyong ibinigay, seguridad, kaligtasan, at kahusayan
- Pagtiyak sa pagtupad sa mga kontrol ng pag-import, pag-export, at iba pang internasyonal na kalakalan, kabilang ang pamamahala sa mga pagpaparehistro at awtorisasyon, pagtukoy ng access sa mga kontroladong teknolohiya at/o mga kalakal, at pagsusuri para sa mga pinaparusahan o pinaghihigpitang mga bansa o partido
- Pagsagot sa mga tanong o alalahanin na isinumite sa programa ng Ombudsman ng RTX
- Pagsasagawa ng mga audit at pagsusuri ng pagsunod para matiyak ang pagsunod sa naaangkop na patakaran, regulasyon, at batas
- Pagsusuri at pag-uulat ng mga salungatan ng interes
- Pagsasagawa at pamamahala ng mga panloob at panlabas na imbestigasyon, kabilang ang mga pagsusuri sa Legal, Pandaigdigang Etika at Pagsunod, at Pagsunod sa Pandaigdigang Kalakalan at anumang magreresultang pahayag sa mga ahensiya ng pamahalaan

- Pag-uusig ng at pagdedepensa sa mga panglitigasyon, pang-arbitrasyon, administratibo, o panregulasyong claim, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, aktibidad bago ang hindi pagkakasundo, pangongolekta ng ebidensya, pagtuklas, mga pa-hold sa litigasyon, at mga pagsisikap sa e-discovery
- Pagtugon sa pagpapatupad ng batas at iba pang katanungan ng gobyerno
- Pagprotekta sa mga karapatan ng intelektwal na pag-aari, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga paghahain ng patent
- Pagpaplano ng negosyo, kabilang ang pagpaplano para sa o pagsasagawa ng mga merger, acquisition, at divestiture
- Pagpapadali ng mga aktibidad sa pamamahala ng namumuhunan para sa mga empleyadong maaaring may mga karapatan sa stock ng RTX
- Gaya ng kinakailangan o hayagang pinahintulutan ng naaangkop na batas o regulasyon

Kanino ibinabahagi ng RTX ang impormasyong kinokolekta nito?

Ibinibigay ang panloob na pag-access sa Personal na Impormasyon ng empleyado kung kinakailangan. Halimbawa, may access sa Personal na Impormasyon na nauugnay sa kanilang mga bahagi ng responsibilidad ang mga propesyonal sa Human Resources at Payroll sa loob ng kompanya sa buong mundo. May access ang limitadong bilang ng mga indibidwal sa lahat ng Personal na Impormasyon sa ilang partikular na sistema ng digital na teknolohiya ng RTX dahil sa kanilang mga responsibilidad para sa pandaigdigang programa ng human resources. May access ang mga manager at superbisor sa impormasyong nauugnay sa trabaho tungkol sa kanilang mga empleyado, ngunit hindi sa lahat ng Personal na Impormasyon.

Ginagamit at ibinabahagi ang Personal na Impormasyon sa mga kompanya, subsidiary, dibisyon, o grupong pinapatakbo ng RTX sa buong mundo para sa mga layuning tinukoy sa itaas. Maaari din naming ibahagi ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng iyong negosyo sa mga customer, potensyal na customer, at partner sa negosyo para suportahan ang mga regular na pagpapakatakbong negosyo. Kapag inilipat ng RTX ang iyong Personal na Impormasyon sa mga negosyo nito, gagawin ito alinsunod sa naaangkop na batas at sa Manwal ng Patakaran ng Korporasyon ng RTX, kabilang ang [Mga Nagbubuklod na Panuntunan ng Korporasyon](#) ng RTX's, na nakapaloob sa [Pangkalahatang Patakaran ng Korporasyon - Seksyon 24](#).

Bilang karagdagan, maaaring magbigay ng access o magbahagi ng Personal na Impormasyon ang RTX, kung kinakailangan, sa mga third party, tulad ng mga pinagkakatiwalaang provider, kasangguni at kontratista ng serbisyo na nabigyan ng access sa mga pasilidad o sistema ng RTX, at sa mga ahensiya ng pamahalaan at iba pa bilang kailangan ng batas. Ibabahagi lang ng RTX ang iyong Personal na Impormasyon sa labas ng grupo ng mga kompanya ng RTX sa:

- Pahintulutan ang mga provider ng serbisyo na pinanatili ng RTX na magsagawa ng mga serbisyo sa ngalan namin. Sa mga kasong iyon, ibabahagi lang ng RTX ang impormasyon sa mga provider ng serbisyo para sa mga layuning nakabalangkas sa itaas. Ang mga kategorya ng mga provider ng serbisyo kung saan maaaring ibahagi ng RTX ang iyong Personal na Impormasyon ay kinabibilangan ng: mga aplikasyon ng impormasyon ng HR (gaya ng Workday); mga provider ng payroll; mga provider ng serbisyo sa mga benepisyo at pangangasiwa ng mga benepisyo; online at live na mga serbisyo sa pagsasanay; mga provider ng serbisyo sa propesyonal na pagpapaunlad; digital na pag-outsource (na magkakaroon ng insedenteng pag-access); mga provider ng serbisyo sa pag-recruit at pagpapaunlad ng talento; at anumang iba pang provider ng serbisyo na maaaring kailanganin para pamahalaan ang iyong trabaho. Pinaghihigpitan ang mga provider ng serbisyong ito ayon sa kontrata mula sa paggamit o pagsisiwalat ng impormasyon maliban kung kinakailangan para magsagawa ng mga serbisyo sa ngalan namin o para sumunod sa mga legal na kinakailangan
- Sumunod sa mga legal na obligasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagsunod sa mga obligasyon sa buwis at regulasyon, pagbabahagi ng data sa mga unyon ng manggagawa/na pangkalakalan at konseho ng trabaho, at pagtugon sa paglilitis sa hukuman o lehitimong legal na kahilingan mula sa mga awtoridad na nagpapatupad ng batas o iba pang regulator ng pamahalaan
- Siyasatin ang pinaghihinalaan o aktwal na patakaran, etika, o mga paglabag sa pagsunod o ilegal na aktibidad
- Pigilan ang pisikal na pinsala at protektahan ang kaligtasan ng empleyado
- Suportahan ang pagbebenta o paglilipat ng lahat o bahagi ng aming negosyo o mga ari-arian (kabilang ang pagkabangkarote)

Saan tinatago ng RTX ang iyong Personal na Impormasyon?

Dahil pandaigdigang kompanya ang RTX na matatagpuan sa iba't ibang bansa, maaari naming ilipat ang iyong impormasyon mula sa isang legal na entidad patungo sa isa pa o mula sa isang bansa patungo sa isa pa upang maisakatuparan ang mga layuning nakalista sa itaas at maaaring kasama ang pagbabahagi sa aming mga provider ng serbisyo sa ibang bansa. Kasama sa mga bansang ito, sa minimum, ang Estados Unidos, Mexico, Canada, maraming bansa sa Europe, at iba pang bansa, kabilang ang (nang walang limitasyon) ilan sa Asya, Africa, at Gitnang Silangan. Ililipat namin ang iyong Personal na Impormasyon nang naaayon sa mga naaangkop na legal na kinakailangan at hanggang sa kinakailangan lamang para sa mga layuning isinaad sa itaas.

Umaasa ang RTX sa mga magagamit na legal na mekanismo para paganahin ang legal na paglilipat ng Personal na Impormasyon sa mga hangganan at matiyak ang sapat na antas ng proteksyon, ayon sa kinakailangan ng batas. Hanggang sa umaasa ang RTX sa mga karaniwang sugnay sa kontrata (na tinatawag ding mga modelong sugnay) o Mga Nagbubuklod na Panuntunan ng Korporasyon para pahintulutan ang paglilipat, susundin ng RTX ang mga kinakailangang iyon, kabilang ang kung saan maaaring

magkaroon ng salungatan sa pagitan ng mga kinakailangang iyon at ng Abiso na ito. Para basahin ang [Mga Nagbubuklod na Panuntunan ng Korporasyon ng RTX's](http://www.rtx.com/privacy), mangyaring gamitin ang drop-down na menu sa <http://www.rtx.com/privacy>.

Anong mga pagpipilian ang mayroon ka tungkol sa kung paano ginagamit ng RTX ang iyong Personal na Impormasyon?

Kritikal ang iyong Personal na Impormasyon sa pamamahala ng human resources ng RTX sa buong mundo. Bilang resulta, maliban kung salungat sa lokal na batas, collective bargaining, o mga paghihigpit ng konseho ng trabaho na sinang-ayunan ng RTX, karaniwang kinakailangan para sa iyong pagtatrabaho ang pagkolekta at paggamit ng iyong Personal na Impormasyon gaya ng inilalarawan sa abisong ito. Kinakailangan ang iyong Personal na Impormasyon para bayaran ka, pamahalaan ang iyong pagtatrabaho, at sumunod sa mga legal na obligasyon, tulad ng mga batas sa buwis at regulasyon sa pagsunod.

Depende sa lokasyon kung saan ka nagtatrabaho, maaaring kailanganin ng mga lokal na batas na magbigay ka ng partikular na pahintulot para sa pangongolekta, paggamit, at/o pagsisiwalat ng Personal na Impormasyon sa ilang partikular na sitwasyon. Kung kinakailangan, hihingin ng RTX ang nasabing pahintulot sa pamamagitan ng mga naaangkop at pinahihintulutang paraan.

Gaano katagal pinapanatili ng RTX ang Personal na Impormasyon?

Pinapanatili ng RTX ang iyong Personal na Impormasyon ng human resources sa katagalan ng iyong pagtatrabaho at para sa anumang karagdagang panahon ayon sa kinakailangan ng naaangkop na batas o regulasyon, hukuman, mga paglilitis na pang-administratibo sa arbitrasyon, o mga kinakailangan sa audit. Para sa mas partikular na impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng iyong impormasyon sa human resources, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na kinatawan ng HR.

Kung hindi, maaaring panatilihin ng RTX ang data na kinakailangan para sa negosyo at legal na layunin, tulad ng, ngunit hindi limitado sa data: (a) na kinakailangan para sa mga lehitimong layunin ng negosyo, halimbawa, mga pantrabahong file sa mga customer, produkto, serbisyo, teknolohiya, partner sa negosyo, at iba pang pagsisikap na may kaugnayan sa trabaho na maaaring hindi sinasadyang naglalaman ng impormasyon tungkol sa iyo; (b) na na-save mo sa mga nakabahaging storage area, na napapailalim sa mga naaangkop na panahon ng pagpapanatili; (c) na napapailalim sa aktibong legal na imbestigasyon, hudisyal o administratibong paglilitis, pag-audit, o iba pang legal na kinakailangan; at (d) na iniaatas sa RTX na panatilihin sa ilalim ng isang kontraktwal, legal, panregulasyon, o pang-audit na obligasyon.

Anong karagdagang impormasyon ang dapat malaman ng mga partikular na empleyado?

Mga residente ng EU, UK, at iba pang bansa na may mga batas sa privacy ng data:

May karapatan kang humiling ng access at pagwawasto o pagbura ng iyong Personal na Impormasyon, humingi ng mga paghihigpit o tumutol sa pagproseso ng ilang Personal na Impormasyon, at humingi ng portability ng data sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon. Para makipag-ugnayan sa RTX tungkol sa isang kahilingang i-access ang, itama ang, burahin ang, tutulan ang, o humingi ng mga paghihigpit o portability, mangyaring gamitin ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan na nakasaad sa dulo ng abisong ito. May karapatan ka ring maghain ng reklamo sa iyong pambansa o pang-estadong awtoridad sa pagprotekta ng data, na maaaring kilala rin bilang awtoridad ng pangangasiwa. Maaari ka ring bigyan ng suplemento na nagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa iyong pambansa o lokal na regulator ng pamahalaan. Kung kailangan mo ng tulong sa pagtukoy sa iyong awtoridad sa pagprotekta ng data, makipag-ugnayan sa iyong Propesyonal sa Privacy o Opisyal sa Pagprotekta ng Data (na nakalista sa <https://home.rtx.com/Data%20Privacy>).

Mga residente ng US: Kinokolekta ng RTX ang Mga Numero ng Social Security kung saan kinakailangan ng batas, tulad ng para sa mga layunin ng buwis at payroll. Kapag nangongolekta ang RTX at/o gumagamit ito ng Mga Numero ng Social Security, magsasagawa ang RTX ng wastong pangangalaga sa pamamagitan ng pagprotekta sa pagkakumpidensyal, paglilimita sa koleksyon, pagtiyak ng access kung kinakailangan, pagpapatupad ng naaangkop na mga teknikal na pananggala, at pagtiyak ng wastong pagtatapon.

Mga residente ng California: *Batas na Shine the Light ng California:* Ang mga residente ng California ay maaaring taunang humiling at makakuha ng impormasyong ibinabahagi sa ibang negosyo para sa kanilang sariling direktang paggamit para sa marketing sa loob ng naunang taon sa kalendaryo. Hindi ibinabahagi ng RTX ang iyong personal na impormasyon sa ibang mga negosyo para sa kanilang sariling direktang paggamit ng marketing.

Batas sa Privacy ng Mamimili ng California: May karapatan ang mga residente ng California na

- humiling ng mga detalye tungkol sa personal na impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo, kabilang ang mga kategorya ng impormasyon, ang layunin kung saan namin ito ginagamit, kung kanino namin ito ibinabahagi, at partikular na impormasyon tungkol sa kung anong personal na impormasyon ang mayroon kami tungkol sa iyo;
- humiling na alisin ang iyong data; at
- idirekta ang isang kompanya na huwag ibenta ang iyong data, ngunit, dahil hindi nagbebenta ng personal na impormasyon ang RTX, hindi ito nalalapap.

Kung residente ka ng California at gusto mong gamitin ang iyong mga karapatan, dapat kang makipag-ugnayan sa RTX sa pamamagitan ng pag-email sa privacy.compliance@rtx.com, pagtawag sa 1-833-882-0003, o pakikipag-ugnayan sa iyong Propesyonal sa Privacy sa pamamagitan ng email. Mangyaring ibigay ang iyong pangalan, isang paraan para makaugnayan ka ng RTX (tulad ng email address o numero ng telepono) para matugunan namin ang iyong kahilingan, impormasyon tungkol sa uri ng iyong kaugnayan sa amin (halimbawa, bisita ka ba sa aming website o shareowner), at mga detalye tungkol sa pagkilos na gusto mong gawin namin. Batay sa iyong kahilingan, mag-iimbestiga kami upang matukoy kung mayroon kami ng anumang personal na impormasyon mo. Kung mayroon kami ng iyong personal na impormasyon (maliban sa ibinigay sa iyong kahilingan), susubukan naming i-verify ang iyong pagkakakilanlan batay sa personal na impormasyon na mayroon na kami; magdedepende ang hihilingin naming data sa uri ng personal na impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo. Kapag na-verify na namin ang iyong pagkakakilanlan, bibigyan ka namin ng tugon, na nagsasaad kung paano namin sasagutin ang iyong kahilingan o kung bakit hindi kami makakasunod sa iyong kahilingan.

Mga residente ng Australia: Ang bawat entidad ng RTX sa Australia ay isang “APP na entidad” na kinokontrol ng mga probisyon ng Batas sa Privacy ng 1988 (Commonwealth ng Australia) (“Batas sa Privacy ng Australia”). Nauugnay din ang mga sanggunian sa abiso sa RTX na ito sa mga subsidiary ng Australia na may kaugnayan sa lahat ng pagkilos at kasanayan ng alinman sa mga ito sa pangongolekta, pangangasiwa, at pagsisiwalat ng personal na impormasyon tungkol sa mga residente sa Australia. Kung saan nagsisiwalat ng personal na impormasyon ang isang Australian subsidiary tungkol sa mga residente ng Australia sa isang tatanggap sa ibang bansa para sa alinman sa mga kadahilanang inilarawan sa abisong ito, magsasagawa ito ng mga makatwirang hakbang para matiyak na hindi nilalabag ng tatanggap sa ibang bansa ang Batas sa Privacy ng Australia kaugnay ng impormasyong iyon. Maaaring mag-email ang mga residente ng Australia sa privacy.compliance@rtx.com para ma-access, maitama, o ma-update ang iyong personal na impormasyon, kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga kasanayan sa privacy ng RTX sa pangkalahatan, o kung gusto mong magreklamo. Kung tumagal kami nang higit sa 30 araw upang tumugon o kung hindi ka nasisiyahan sa resulta, maaari kang magreklamo sa Komisyon sa Privacy sa Tanggapan ng Komisyonado sa Impormasyon ng Australia sa pamamagitan ng post sa GPO Box 5218, Sydney NSW 2001, sa telepono sa 1300 363 992, o sa email sa enquiries@oaic.gov.au.

Mga empleyadong nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga miyembro ng pamilya at iba pa: Para sa pang-emergency na impormasyon sa pakikipag-ugnayan, para masaklaw ang mga dependent sa mga magagamit na benepisyo, at para matukoy ang mga benepisyaryo, maaari mong piliing bigyan ang RTX ng impormasyon tungkol sa mga miyembro ng pamilya at iba pang taong konektado sa iyo. Bago ibigay ang impormasyong iyon sa RTX, dapat mong tiyaking mayroon kang legal na awtoridad na gawin ito. Hangga’t nagbibigay ka ng impormasyon bilang legal na kinatawan ng mga menor de edad na bata, ang iyong pagpili na magbigay ng impormasyon ay kumakatawan sa pahintulot na maaaring kolektahin, iproseso, at ilipat ng RTX ang impormasyon para sa mga layunin kung saan ito ibinigay at tulad ng itinakda sa Abiso na ito.

Paano mo maa-access, maitatama, mababago, o mahihiling ang pag-delete o isang kopya ng iyong Personal na Impormasyon?

Gumagawa ang RTX ng mga makatwirang pagsisikap na nilayon para matiyak na nananatiling tumpak, kompleto, at napapanahon ang iyong Personal na Impormasyon. Maaaring paminsan-minsang hilingin sa iyo ng RTX na kumpirmahin ang katumpakan ng iyong Personal na Impormasyon o magbigay ng na-update o karagdagang impormasyon.

Maraming indibidwal ang may direktang access sa karamihan ng kanilang Personal na Impormasyon na nasa iba't ibang sistema ng HR ng RTX at puwede nilang i-access, itama, baguhin, i-delete, o kopyahin ang kanilang Personal na Impormasyon gamit ang direktang pag-access na iyon. Kapag hiniling, maaari ding bigyan ng RTX ang mga indibidwal ng makatwirang access sa Personal na Impormasyon kung hindi ito maa-access sa ibang paraan. Dapat makipag-ugnayan sa kanilang lokal na kinatawan ng HR ang mga indibidwal na walang direktang access o naghahanap ng karagdagang access. Para sa mga kahilingang nauugnay sa iyong Personal na Impormasyon sa labas ng data ng human resources, makipag-ugnayan sa Helpline ng Speak Up, sa iyong lokal na Opisyal sa Etika at Pagsunod, sa iyong Opisyal sa Pagprotekta ng Data, o sa iyong Propesyonal sa Privacy (tingnan sa ibaba para sa higit pang detalye). Maaaring may legal na dahilan o iba pang dahilan kung bakit tatanggihan nang buo o bahagya ang mga kahilingan para sa pag-access, pagtatama, pagbabago, pag-delete, o pagkuha ng kopya.

Paano ka makikipag-ugnayan sa RTX?

Kung mayroon kang tanong o alalahanin tungkol sa iyong Personal na Impormasyon o gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa kung aling mga entidad ng RTX ang mga tagakontrol ng data para sa iyong Personal na Impormasyon, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na kinatawan ng HR, lokal na Opisyal sa Etika at Pagsunod, Helpline ng Speak Up, o sa iyong Propesyonal sa Privacy o Opisyal sa Pagprotekta ng Data. Narito ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan:

Lokal na HR	Makipag-ugnayan gamit ang iyong mga regular na panloob na channel
Mga lokal na ECO	https://home.rtx.com/Functions/Legal-Contracts-and-Compliance/GEC/ECO
Helpline ng Speak Up	Sa loob ng US at Canada: 1-800-423-0210 o https://rtxspeakuphelpline.weblinesai360.com/

	Sa labas ng US at Canada: https://rtxspeakuphelpline.webline.sai360.com/
Mga Propesyonal sa Privacy at Opisyal sa Pagprotekta ng Data	https://home.rtx.com/Data%20Privacy
Privacy Office	privacy.compliance@rtx.com
Mail	RTX, Attention: Privacy Office 10 Farm Springs Road Farmington, CT 06032 USA